Australian Government

Department of Immigration and Multicultural and Indigenous Affairs

Impormasyon ng paninirahan para sa mga migrante ng Australya

Form
994i TAG
TAGALOG

Maligayang bati sa inyong desisyong magmigrante sa Australya. Sana kayo ay nasa mabuting kalagayan. Kami ay umaasa na kayo ay magiging masaya sa inyong bagong tirahan.

Ang pormang ito ay nagbibigay ng isang maikling buod ng ilang mga mahahalagang bahagi na kailangan ninyong pag-isipan sa paghahanda ng inyong bagong buhay sa Australya. Karamihan sa mga migrante, ang pangunahing pinanggagalingan ng impormasyon tungkol sa Australya ay mula sa mga kamag-anakan, kaibigan at kakilalang nasa Australya. Anumang dagdag na pananaliksik na magagawa ninyo bago kayo makarating ay makakatulong sa inyong pagkakataon para sa maunlad na paninirahan. May mga dagdag na detalyadong impormasyon tungkol sa paninirahan, kasama na ang mga serbisyong makukuha para sa mga migranteng kararating mula sa *Life in Australia* internet site: **www.immi.gov.au/settle/index.htm** ng Department of Immigration and Multicultural and Indigenous Affairs.

Ang Maramihang-kulturang Lipunan ng Australya

Ang Australya ay lupain ng mga migrante. Mga kalahati sa lahat ng mga Australyano o isa sa mga magulang ay ipinanganak sa ibayong-dagat. Itinatangi namin ang pagkakaiba at pagpapaubaya, kasama ng ibat-ibang mga saloobin sa buhay, trabaho at ang pamilya.

May mga ilang pangunahing simulain na dapat panghawakan ng lahat ng mga Australyano - datihan man o baguhan. Kasama na rito ang katapatan sa bansang Australya at pagtanggap sa mga batayang kaanyuan at simulain ng lipunang Australyano – ang paghahari ng batas, pagpapaubaya, pagkapantay-pantay sa mga pagkakataon, demokrasyang parliyamentaryo, kalayaan sa pagpapahayag at relihiyon, Ingles bilang pambansang wika, at pagkapantay-pantay ng mga lahi at kasarian. Bawal sa batas ang magdiskriminasyon nang dahil sa pinagmulang bansa, lahi, kasarian, o paniniwala sa relihiyon.

Ingles ang ating pang-araw-araw na wika. Kung hindi kayo bihasang magsalita nito, maaari kayong tumawag sa Translating and Interpreting Service (TIS) (serbisyo sa pagsasalin-wika) para matulungan - tingnan sa pahina 3.

Makakuha ng impormasyon at payo sa paninirahan mula sa mga Migrant Resource Centres, Migrant Service Agencies (pagkukunan ng mga serbisyong pangmigrante), mga opisina ng Imigrasyon at mga naaangkop na ahensiya ng gobyerno – tingnan ang pahina 3 at 4.

Pera at pagbabangko

Kung maaari, ihanda ninyo ang mga “traveller’s cheques” o iba pang magagamit na panggastos katulad ng dolyar Amerikano at dolyar Australyano bago kayo maglakbay. Maaari kayong magpalit ng pera sa karamihang pandaigdigang paliparan sa Australya.

Ang mga tao ay karaniwang naglalagay ng kanilang pera sa bangko, “building society” o samahang nagpapautang. Kung magdedeposito kayo dito sa loob ng anim na linggo pagdating, karaniwang kinakailangan lamang ang passport at Tax File Number bilang pagkilanlan. Upang magkaroon ng Tax File Number, tawagan ang pinakamalapit ninyong Australian Taxation Office (Opisina ng Pagbubuwis sa Australya).

Adwana at Kwarantina

Maaaring makahingi ng impormasyon tungkol sa mga tuntunin sa adwana at kwarantina mula sa mga misyon at embahada ng Australya. Sasabihin nito kung ano ang maaari at hindi maaaring dalhin sa Australya, ang mga natatanging kondisyon para madala ang inyong mga kasangkapan sa bahay, mga hayop at produktong gawa sa hayop at tungkol sa mga babayaran sa adwana.

Transportasyon

Mula sa paglapag sa isang pandaigdigang paliparan, kailangang maghanap kayo ng masasakyang papunta sa inyong tutuluyan. May mga taksi at bus sa lahat ng mga pandaigdigan at iba pang paliparan.

Upang makapagmaneho ng sasakyan, kailangan ninyo ng Australyanong lisensiya ng pagmamaneho. Maaaring pansamantalang panahong magamit ang pandaigdigang lisensiya ng pagmamaneho.

Tawagan ang pinakamalapit na opisina ng departamento ng transportasyon sa mga estado at teritoryo para sa impormasyon tungkol sa pagkuha ng lisensiya. Nakalista sa talaan ng telepono sa inyong lugar ang matatawagang detalye ng mga naaangkop na ahensiya.

Pabahay

Para sa pagbili o mangupahan ng tirahan, tingnan sa mga anunsiyo sa pahayagan o mula sa mga ahente ng “real estate” kung ano ang mga naroroon. Sa mga paupahang tirahan, karaniwan na kailangang magbayad ng “bond”o piyensa (kapantay ng isang buwang renta) bilang karagdagan pa sa isang buwang paunang bayad sa renta.

Mga Paaralan

Ang impormasyon tungkol sa mga malapit na paaralan ay makukuha sa departamento ng edukasyon sa mga estado at teritoryo. Matutunghayan ang mga detalye na matatawagan sa listahan ng telepono sa inyong lugar.

Halaga ng pamumuhay sa Australya

Ang halaga ng pamumuhay sa Australya, kumpara sa mga ibang bansa, ay lalong mataas. Bilang isang gabay, tinataya na noong 1999, ang isang migranteng pamilyang may tatlong katao na nakatira sa Australya ng kulang pa sa 2 taon ay karaniwang nagkakagastos ng $930 bawat linggo. Napakahalaga na pag-isipan ninyo kung paano ninyo susuportahan ang inyong pamilya at sarili sa unang 2 taon. Huwag mag-aakalang makakahanap kayo ng trabaho kaagad.

Ipinapayo ng Department of Family and Community Services (Departamento ng mga Serbisyo sa Pamilya at Komunidad) na ang isang mag-asawang umuupa ng tirahan sa Australya ay nangangailangan ng hindi bababa sa $365 bawat linggo upang may panggastos sa araw-araw. Ang taong nag-iisang naninirahan ay nangangailangan ng may $225 bawat linggo. Ito ay base sa antas ng halaga ng “social security” (panglipunang kapanatagan) sa Australya na nakalaang matustusan ang **pinakamababang pangangailangan** sa nararapat sa pamumuhay.

Tandaan din na ang gastos sa paglipat-bahay ay mataas. May mga malalaking gastusin sa pagbibiyahe sa Australya, paglilipat ng mga ari-arian sa bahay at paghahanda sa bagong tirahan.

Dalawang taong paghihintay sa “social security” (bayad-pantulong ng gobyerno)

Karamihan sa mga bagong dating na migrante ay kinakailangang may hawak na bisa bilang permanenteng residente sa Australya ng 2 taon bago pa makakatanggap ng karamihan sa mga bayad-pantulong (social security benefits), kasama na ang mga pantulong habang walang-trabaho (unemployment assistance) katulad ng Newstart Allowance o Sickness Allowance, mga pantulong sa mga estudyante (student assistance) katulad ng Austudy o Youth Allowance at iba pang mga pantulong katulad ng Health Care Card. Upang mabigyan ng mga pensyon sa matatanda (Aged) at sa mga maykapansanan (Disability), kayo ay kailangang may hawak na bisa bilang permanenteng naninirahan sa Australya ng 10 taon.

Napakahalagang maiintindihan ninyo na dapat mayroon kayong sapat na perang pansuporta sa sarili (at pamilya) sa loob ng unang 2 taon. Walang ibang programang pansuporta mula sa gobyerno para sa mga taong hindi makakakuha ng mga bayad ng “social security”. Kung mayroon kayong “sponsor” (tagapagtaguyod), o “assurers” (nagpapaseguro) sa pagmigrante, kailangang malaman ninyo kung anong tulong ang kaya at maaari nilang maibigay sa inyo.

Itutuloy sa susunod na pahina ▶

© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2005

Mga pagliban sa panahong dapat maghihintay (waiting period)

Ang mga kabayarang tinatawag na"Special Benefit"(natatanging benepisyo) ay maaaring makuha habang nasa panahon ng paghihintay, kung kayo ay nahihirapan dahil sa malaking pagbabago ng sitwasyon na hindi ninyo nakayanan. Itong kabayaran ay makukuha lamang sa ilang limitadong sitwasyon. Ang hindi makahanap ng trabaho o pagkaubos ng pera ay hindi sapat na dahilan upang makakuha ng "Special Benefit".

Kung kayo ay namatayan ng asawa, nagkaroon ng kapansanan o naging mag-iisang magulang matapos kayo ay may- hawak na permanenteng residente na sa Australya, maaari kayong karapatdapat mabigyan ng panggastos o pensyon. Maaari rin kayong makakuha ng pensyon kahit wala pa kayong 10 taong paninirahan sa Australya kung saklaw kayo sa isang pandaigdigang kasunduan ng social security. Ang Australya ay may kasunduang pang-social security sa 16 na mga bansa.

Kung kayo ay isang migrante na refugee, o kapartner, o nakadependeng anak ng isang refugee; isang mamamayang Australyano o kapartner o nakadependeng anak ng isang mamamayang Australyano; o isang permanenteng residente na nakatira sa Australya ng dalawang taon, alin mang panahon, ay maaaring hindi na kayo kailangang maghintay ng 2 taong paghinhintay para sa karamihang mga kabayaran ng social security.

May isang kabayarang tinatawag na Carer Payment na maaaring makuha habang nasa panahon ng paghihintay kung kayo ay isang kamag-anak na may natatanging pangangailangan (special need) o tagapag-alaga.

Tulong sa mga pamilyang may mga anak

Ang mga bagong migrante na may mga anak na sinusuportahan ay maaaring makakuha ng mga bayad na pantulong sa pamilya (Family Assistance payments) para makatulong sa gastusing pagpapalaki sa mga bata. Kadalasan, kinakailangang kayo ay may bisa bilang permanenteng residente upang karapat-dapat, ngunit hindi nilalahat. Hindi kinakailangang maghintay para mabayaran. Ang mga pantulong sa pamilya ay inilaan lamang bilang pandagdag sa kinikita, kaya hindi ito sapat sa matagalang ikabubuhay.

May 3 uri ng mga benepisyong bayad-pantulong sa pamilya (family assistance benefits). Ito ay ang Family Tax Benefit A, Family Tax Benefit B at Child Care Benefit. Ang kalakihan ng matatanggap ninyong Family Tax Benefit ay depende sa gulang at dami ng inyong anak at kabuuang kinita ng inyong pamilya sa buong taon ng kasalukuyang piskalya (current fiscal year). Maaari kayong bayaran ng Child Care Benefit bilang tulong sa paglalagay ng inyong anak sa isang nag-aalaga (child care). Ang kalakihan ng halaga ng inyong makukuha ay depende sa kabuuang kinita ng inyong pamilya sa kasalukuyang taong piskalya, ang uri ng pag-aalaga at kung ilang oras na serbisyo ng pag-aalaga ang ginamit.

Mayroon ding 2 minsanang mga kabayaran na nagbibigay ng dagdag na tulong sa mga pamilyang may mga maliliit na anak. Ang Maternity Allowance (gastusin sa panganganak) ay perang pantulong sa dagdag na gastusin sa bagong anak. Habang ang Maternity Immunisation Allowance (panggastos sa pagbabakuna) ay hiwalay na kabayaran para sa mga pamilyang may mga batang lubos nang nabakunahan habang nasa pagitan ng 18 at 24 buwan ang gulang o sila ay di-saklaw (exempt) sa mga kinakailangang pagbabakuna.

Ang Family Assistance Office (Opisinang Tumutulong sa Pamilya) ay makakatulong sa inyo tungkol sa mga detalye ng mga bayad-pantulong sa pamilya at anumang di-saklaw. Maaari kayong makakuha ng dagdag na impormasyon sa kanilang website sa **www.familyassist.gov.au**. Sa Australya, ang mga Family Assistance Office ay nasa mga opisina ng Medicare, Centrelink Customner Service Centres at mga madaling puntahang websites ng ATO o maaaring tumawag sa 13 6150. Para sa impormasyon tungkol sa mga bayad pantulong sa pamilya sa mga wikang hindi Ingles, tawagan ang telepono 13 1202.

Dagdag na impormasyon tungkol sa "social security"

Ang Centrelink ay nagbibigay ng mga bayad–pantulong at mga may kaugnayang serbisyo sa Australya. May maraming patakaran na sumasaklaw sa lahat ng benepisyong pinapamahalaan ng Centrelink. Ang mga impormasyong naririto ay mga pangkalahatang gabay lamang kaya makipag-usap sa Centrelink tungkol sa mga natatanging pangangailan ninyo.

Matutunghayan ang mga opisina at numero ng telepono ng Centrelink sa talaan ng mga telepono sa inyong lugar o tawagan ang 13 1021 upang makipag-ayos ng isang pakikipagtipan. Maaari kayong makipag-usap sa kawani ng Centrelink at masagot ang inyong mga katanungan kapag ang inyong wika ay hindi Ingles sa pamamagitan ng pagtawag sa 13 1202. Ito po ay hindi serbisyo ng interpreter. Ang mga tawag sa numerong 13 ay may bayad na 25 cents saan mang sulok ng Australya. Ang mga tawag sa teleponong pampubliko o sa teleponong mobile ay maaaring lalong mataas ang bayad.

Kung kailangan ninyo ang dagdag na impormasyon tungkol sa mga bayad-pantulong sa pamumuhay o ang mga pandaigdigang kasunduan bago kayo dumating sa Australya, maaari ninyong tingnan sa internet: **www.centrelink.gov.au** o sulatan ang:

Manager
International Services
Centrelink
GPO Box 273
HOBART TAS 7001

Ang Kalusugan

Ang gobyerno ng Australya ay tumutulong sa mga gastusin sa gamot at pagka-ospital sa pamamagitan ng pamamaraang tinawag na Medicare. Ang gobyerno ay nagbibigay ng bawas sa bayad ng maraming mga gamot sa ilalim ng Pharmaceutical Benefits Scheme (PBS). Ang Medicare at PBS ay pinamamahalaan ng Health Insurance Commission (HIC).

Bilang bagong naninirahan sa Australya, maaari kayong kasama sa Medicare at makasali sa mga serbisyo at programang pangkalusugan. Upang malaman kung kayo ay maaaring kasama at makapagpatala sa Medicare, kayo ay dapat maghintay ng 10 araw mula pagdating sa Australya at saka na pupunta sa isang opisina ng Medicare na dala ang inyong pasaporte o mga papeles ng paglalakbay. Kung masasagutan na ninyo ang lahat ng mga kinakailangan sa pagsali, kayo ay mapapayuhan ng inyong numero sa Medicare Card at ang iyong card ay ipadadala sa inyo makalipas ang mga tatlong linggo.

Ang HIC ay namamahala rin sa Australian Childhood Immunisation Register (ACIR). Kung mayroon kayong dalang mga anak sa Australya, dalhin po ang kanilang mga ulat sa pagkabakuna para malaman ng doktor dito sa Australya kung sapat na ang kanilang pagkabakuna. Ito ay kinakailangan para sa ilang bayad pantulong mula sa gobyerno.

Ang HIC ay may polyeto ng maligayang pagdating na nakasalin sa 17 na wika at makukuha sa internet. Ang pakete ng Masayang Pagdating ay makukuha rin sa Ingles sa malalaking pagkaimprenta, braille at sa napapakinggang CD. Ang pakete ay nagpapaliwanag sa mga serbisyo ng HIC at ang mga kinakailangang katangian para sa mga benepisyo at kabayaran. Ang mga ito ay maaaring makuha sa website ng HIC: **www.hic.gov.au** o mula sa mga opisina ng Medicare at ang mga Migrant Resource Centres sa Australya.

Ang mga karagdagang impormasyon ay makukuha mula sa website, mula sa e-mail: **medicare@hic.gov.au** o sa pagsusulat sa:

Medicare Eligibility
HIC
PO Box 1001
TUGGERANONG DC ACT 2901

Kapag nasa Australya, maaaring tumelepono sa 13 2011 para sa impormasyon tungkol sa Medicare, 1800 020 613 para sa Pharmaceutical Benefits Scheme (PBS) at 1800 653 809 para sa Australian Childhood Immunisation Register (ACIR).

© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2005

Ang Pribado na Segurong Pangkalusugan

Maraming Australyano ang mayroong mga pangkalusugang seguro na pribado. Sila ang sasagot sa ilan o lahat ng gastusin sa pagpapagamot bilang isang pribadong pasyente sa mga pampubliko o pribadong ospital at maaaring kasama na pati ang mga serbisyong hindi masasagutan ng Medicare, katulad ng mga serbisyo sa dentista at optometris.

Ang gobyerno ay nagpalabas ng mga insentibong pinansiyal para maghikayat sa mga tao na kumuha ng pribadang pangkalusugang seguro, katulad ng pagbayad ng gobyerno sa 30% ng kabayaran sa seguro (30 % rebate on premiums) at dagdag na 1% (tax levy) sa mga mataas ang kinikita na walang pribadong pangkalusugang seguro.

Mayroon ding Lifetime Health Cover kung saan ang mga bayad sa pribadong segurong pangkalusugan ay may ibat-ibang antas depende sa edad ng tao noong unang pagpaseguro nito. Ang mga taong kumuha ng seguro sa unang araw ng Hulyo pagsapit ng ika-31taong kapanganakan at ipinagpatuloy ang kanilang pagkaseguro ay magbabayad ng lalong mababa habang buhay kumpara sa mga taong nagpaseguro noong lampas na ang gulang. Ang mga taong maaatraso sa pagkuha ng segurong pangkalusugan ay magdaragdag ng 2% sa bayad bawat taon ng pagkakaatraso mula sa paglampas ng edad 30, hanggang maaabot ang pinakamataas na dagdag na 70% para sa mga taong saka pa lamang nagpapaseguro pagsapit ng edad 65.

May mga natatanging palugit sa mga bagong migrante. Sa karamihan, ang mga migrante ay hindi nagdadagdag ng bayad kung sila ay kukuha ng pangkalusugang seguro sa isa sa dalawang kapanahunan (alin man ang nahuihuli):

- ang unang araw ng Hulyo pagsapit ng ika-31 taong kapanganakan; o
- ang unang anibersaryo ng araw nang sila ay naging karapat-dapat sa Medicare.

Pagkatapos ng mga petsang ito, ang pangkaraniwang patong na bayad sa Lifetime Health Cover ay ipapataw.

Mga dagdag na impormasyon tungkol sa pribadong pangkalusugang seguro ay makukuha sa "internet site" ng Department of Health and Ageing (Departamento ng Pangkalusugan at Pagkakaedad) sa **www.health.gov.au/privatehealth/consumer.htm** o sumulat sa:

Private Health Insurance Branch
Department of Health and Ageing
GPO Box 9848
CANBERRA ACT 2601
AUSTRALIA

Paghahanap-buhay sa Australya

Ang paghahanap ng trabaho sa Australya ay lubhang makumpitensya. Ang paghahanap–buhay sa Australya ay nakasalalay sa sitwasyon ng ekonomiya, ang uri ng gustong trabaho, at mga natatanging sitwasyon sa ibat-ibang panig ng bansa. **Ang pagka-aprobang magmigrante ay hindi nagbibigay katiyakan sa pagkakaroon ng trabaho**, kahit sa mga aplikanteng natasang may napakataas na kakayahan at lalo na sa kanilang mga sinusuportahan.

Noong Agosto 2004, ang pana-panahong nababagong antas ng kawalang-trabaho sa Australya ay 5.7%. Ang antas ng pagkawalang–trabaho sa mga bagong dating ay lalong mataas. Ang mga migranteng dumating mula Enero 2001 hanggang Agosto 2004 ay may 11.9% na antas ng walang-trabaho (orihinal na datos). Ang antas ng mga bagong dating na migranteng ipinanganak sa mga bansang Ingles ang salita na walang trabaho ay 6.2% habang ang mga ipinanganak sa ibang mga bansa ay 16.1%. Pagkatapos ng mga ilang buwan sa Australya, ang antas ng pagkawalang-trabaho ay karaniwang bababa, ang mga migranteng nasa kategoryang "Independent" (nagsasarili) at may-kakayahan sa pagtatrabaho (skilled) ay karaniwang lalong mababa ang antas ng pagkawalang-trabaho kumpara sa mga migranteng nasa mga ibang kategorya.

Upang malaman ang tungkol sa inyong mga pagkakataon sa trabaho, magbasa ng mga pahayagan mula sa Australya, lalo na ang mga edisyon na inilalabas sa Miyerkoles at Sabado kung saan may mga paanunsiyo sa mga trabaho.

Bago lumuwas, alamin kung may mga natatanging kinakailangan o kondisyon sa trabahong gusto ninyo. Sa karamihan ng mga trabaho sa Australya, ang mga aplikante ay maaaring kinakailangang makapagpatala o makakuha ng lisensiya sa isang pangasiwaan ng trabaho sa Estado o maaaring dapat maging miyembro ng isang samahang pampropesyonal o industriya.

Alamin ninyo kung may mga ipinagbabawal sa inyong trabaho. Ang mga sinusuportahan ay kailangan ding magtanong tungkol sa kanilang pagkakataong makapagtrabaho, gusto man nila o hindi magtrabaho kaagad pagkadating.

Ang mga migranteng walang trabaho ay kailangang magpatala kaagad sa Centrelink. Dahil karamihan sa mga bagong dating na migrante ay hindi kwalipikadong makatanggap ng mga bayad-pantulong ng 2 taon, sila ay limitadong makatanggap ng mga tinutustusan ng gobyernong tulong na serbisyo sa paghahanap-trabaho mula sa mga kasapi sa Job Network. Gayunpaman, ang mga migranteng permanenteng naninirahan at nakakasagot sa iba pang pamantayan ay maaaring makagamit ng buong hanay ng mga serbisyo ng Job Network.

Ang mga impormasyon sa program ng paghahanap-buhay, paghahanap-trabaho at pagkikilala sa kakayahan ay makukuha sa mga sumusunod na internet sites:

- Australian Jobsearch (para sa impormasyon sa mga trabaho, mga maaaring pagkakitaan, mga kinakailangang kakayahan at mga karerang pagkakitaan sa Australya)
  www.jobsearch.gov.au
- Australian Workplace (para kilalanin ang mga kwalipikasyon sa trabaho)
  www.workplace.gov.au/tra
- National Office of Overseas Skills Recognition (AEI-NOOSR, para kilalanin ang mga kwalipikasyon at kakayahang nakuha sa labas ng Australya)
  aei.dest.gov.au/AEI/QualificationsRecognition/

Migrant Resource Centres (MRCs)/ Migrant Service Agencies (MSAs) (Mga Pagkukunan ng mga Serbisyo para sa Migrante)

Ang Migrant Resource Centres (MRCs) at Migrant Service Agencies (MSAs) ay tumutulong sa mga migrante na makahanap ng tirahan, makasali sa mga klase ng Ingles, makahanap ng tagapag-alaga sa batang anak, makahanap ng trabaho at maitala ang mga anak sa paaralan. May mga tauhan silang nakakapagsalita ng mga wika liban pa sa Ingles, sila ay nagbibigay ng mga paunang impormasyon tungkol sa kalusugan, pagtatrabaho, edukasyon at ang batas at maaaring maisangguni kayo sa mga serbisyo ng gobyerno tungkol dito. Nagbibigay din sila ng mga impormasyon tungkol sa lipunang Australyano, mga kaugalian at mga institusyon.

Maaaring magbigay ang MRCs/MSAs ng mga impormasyon tungkol sa mga pangkat sa ibat-ibang kultura at wika sa Australia, kasama na ang mga samahan sa komunidad na tumutulong sa proseso ng paninirahan at maaaring may mga tauhang nagsasalita sa wika ng migrante.

May mga MRCs/MSAs sa karamihang pangunahing lungsod at malalaking sentro. Ang mga lugar ng opisina at numero ng telepono ay nasa pahina 4.

Tulong sa pag-aaral ng wika

Ang Department of Immigration and Multicultural and Indigenous Affairs (DIMIA) ay nagbibigay ng 2 mahalagang serbisyo sa mga migrante na nangangailangan ng tulong sa wika. Ito ang Adult Migrant English Program (AMEP) (program sa pag-aaral ng Ingles ng mga migranteng may-edad) at ang Translating and Interpreting Service (TIS) (Serbisyo sa Pagsasalin-wika).

Itutuloy sa susunod na pahina ▶

© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2005

Adult Migrant English Program (AMEP)

Para sa karamihan sa migranteng bagong-dating na hindi Ingles ang unang wika, ang pag-aaral ng Ingles ay isa sa mga una at pinakamahalagang hakbang na dapat nilang harapin para maging maunlad ang paninirahan sa bagong tahanan at makamit nila ang kanilang mga hangaring pansarili, panlipunan at pang-ekonomiya. Kung ang inyong kakayahan sa Ingles ay kulang pa para maaaring magamit (functional), maaari kayong makapag-aral ng Ingles na walang bayad sa ilalim ng AMEP.

Ang ibig sabihin ng"functional"sa wikang Ingles ay ang Ingles na maaaring gamitin sa mga pang-araw-araw na sitwasyon sa lipunan at trabaho. Ang inyong kakayahan sa pagsasalita, pagbasa, pagsulat at pakikinig ay kailangang masuri upang malaman kung maaari kayong mag-aral sa AMEP. Kung ang inyong pag-Ingles ay hindi sinuri sa ibayong–dagat bilang kasama sa pag-aplay ninyo ng pagmigrante, ito ay masusuri sa pagpapatala ninyo para sa mga klase ng AMEP sa Australya. Kung ang inyong Ingles ay lalong mataas kaysa "functional" hindi kayo maaaring makasali sa mga klase ng AMEP. Kung kayo naman ay maaaring tumanggap ng tulong mula sa AMEP, kayo ay maaaring mag-aral ng Ingles hanggang 510 na oras.

Kailangang magpatala sa pinakamalapit na serbisyo ng AMEP sa loob ng 3 na buwan mula pagdating o maaaring mawalan kayo ang karapatang mag-aral sa mga klase ng AMEP. Kapag nakapagpatala na kayo, maaari kayong magpaantala ng pagsisimula sa klase kung dahil sa pangangailangan ng inyong pamilya, trabaho o iba pang responsibilidad at kayo ay mahihirapan sa pag-aaral.

Ang AMEP ay nagbibigay ng ilang pagpipiliang pag-aaral na tutugma sa ibat-ibang sitwasyon: kung hindi kayo makakasali sa buong-oras na klase may mga kursong makukuha ng bahaging-oras, o maaari ring mag-aaral sa bahay sa pamamagitan ng "distance learning program" (programa sa malayuang pag-aaral) o sa pamamagitan ng isang "home tutor" (gurong pumupunta sa bahay). Kung kinakailangan, may libreng pagkakaalaga sa anak na isasaayos.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa kung nararapat na mag-aral at sa pagpapatala sa mga klase ng Ingles at ang mga opisina nito, tawagan at magtanong sa DIMIA sa 131 881 o tingnan ang AMEP website sa **www.immi.gov.au/amep**

Translating and Interpreting Service (TIS) (Serbisyo sa Pagsasalin-wika)

Kung hindi kayo nakakapagsalita o nakakaintindi ng Ingles, at kinakailangang makipag-usap sa isang ahensya ng gobyerno, makiusap na tawagan nila ang isang interpreter sa telepono upang tumulong sa inyong pakikipag-usap sa gobyerno. Ang TIS ay maaaring magbigay ng isang interpreter sa telepono 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo at matatawagan sa 131 450 sa bayad ng isang lokal na tawag. Ang ahensiya ng gobyerno ang magbabayad sa gastos sa interpreter.

Ang ilan sa mga personal na papeles na kailangan sa paninirahan sa Australya ay maaaring isalin sa Ingles ng walang bayad. Dalhin ang mga dokumento sa inyong lokal na nagbibigay ng serbisyong AMEP para maisalin sa loob ng 2 taon mula pagdating sa Australya.

Kailangan ng dagdag na impormasyon o payo

Ang *Life In Australia* website: **www.immi.gov.au/settle/index.htm** ng Department of Immigration and Multicultural and Indigenous Affairs ay nagbibigay ng mga impormasyon tungkol sa mga serbisyo para sa mga bagong-dating na migrante, magagamit na mga ugnayan at mga maramihang-wikang polyetong tinawag na *Beginning a Life in Australia* sa mga Estado at Teritoryo.

Iminumungkahi namin na pagkadating ninyo, kaagad bumisita sa pinakamalapit na Migrant Resource Centre, Migrant Service Agency (tingnan sa mga pahina 5-6) o ang naaangkop na ahensiya ng gobyernong makapagbibigay ng dagdag na impormasyon tungkol sa mga natatanging pangangailangan ninyo. Nakalista sa ibaba ang mga numero ng telepono (sa halagang ng lokal na tawag) ng mga pambansang opisina para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng gobyerno. Dito magsisimula ang mga karamihang pagtatanong; sasabihin sa inyo kung paano makakakuha ng dagdag na impormasyon, kung kinakailangan pa ninyo.

Mga Malalang Emerhensiya
(Sunog, Pulisya, Ambulansiya) – 24 oras
Tel: 000

Serbisyo ng Tagasaling-wika (TIS)
Tel: 131 450

Opisina ng Pagbubuwis ng Australya (ATO)
Tel: 132 861
www.ato.gov.au

Serbisyong Pang-impormasyon sa Rehiyon ng Komonwelt
Tel: 1800 026 222
www.dotars.gov.au/cris/index.htm

Centrelink
Tel: 131 021 (upang makipag-ayos ng pagtitipan)
Tel: 131 202 (para sa mga impormasyon sa mga wika liban sa Ingles)
www.centrelink.gov.au

Opisina ng Imigrasyon
(Department of Immigration and Multicultural and Indigenous Affairs)
Tel: 131 881
www.immi.gov.au

Medicare
Tel: 132 011
www.hic.gov.au

National Office of Overseas Skills Recognition (pagkilala sa kakayahan)
Tel: 1800 020 086
aei.dest.gov.au/AEI/QualificationsRecognition/

Mga ibang lugar ng Gobyernong Australya na mabibisita sa kompyuter (kasama ang imigrasyon)
www.australia.gov.au

© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2005

Migrant Resource Centres (MRCs) at Migrant Service Agencies (MSAs) (mga pagkukunan ng serbisyong pangmigrante)

New South Wales

Auburn Migrant Resource Centre
17 Macquarie Road
AUBURN NSW 2144
Tel: (02) 9649 6955

Blacktown MRC
125 Main Street, Level 2
BLACKTOWN NSW 2148
Tel: (02) 9621 6633

Cabramatta Community Centre
Cnr Railway Parade & McBurney Road
CABRAMATTA NSW 2166
Tel: (02) 9727 0477

Macarthur Diversity Services Inc.
Level 2, Centre Court Building
101 Queen Street
CAMPBELLTOWN NSW 2560
Tel: (02) 4627 1188

Canterbury/Bankstown MRC
Level 2, 59 Evaline Street
CAMPSIE NSW 2194
Tel: (02) 9789 3744

Newcastle and the Hunter Region MRC
8 Chaucer Street
HAMILTON NSW 2303
Tel: (02) 4969 3399

Migrant Network Services (Northern Sydney) Ltd
Level 3, 20 George Street
HORNSBY NSW 2077
Tel: (02) 9987 2333

Liverpool MRC
Level 4, 171 Bigge Street
LIVERPOOL NSW 2170
Tel: (02) 9601 3788

Baulkham Hills/Holroyd/Parramatta MRC
15 Hunter Street,
PARRAMATTA NSW 2150
Tel: (02) 9687 9901

Queanbeyan Multilingual Centre*
12 Rutledge Street
QUEANBEYAN NSW 2620
Tel: (02) 6297 6110

St George Migrant Resource Centre
552 Princes Highway
ROCKDALE NSW 2216
Tel: (02) 9597 5455

Illawarra MRC
70 Kembla Street
WOLLONGONG NSW 2500
Tel: (02) 4229 6855

Victoria

Westgate Region MRC
78-82 Second Avenue
ALTONA NORTH VIC 3025
Tel: (03) 9391 3355

South Eastern Region MRC
Level 1, 314 Thomas Street
DANDENONG VIC 3175
Tel: (03) 9706 8933

Geelong Ethnic Communities Council Inc.
153 Pakington Street
GEELONG WEST VIC 3218
Tel: (03) 5221 6044

Migrant Information Centre (Eastern Melbourne) Ltd
333 Mitcham Road
MITCHAM VIC 3132
Tel: (03) 9873 1666

Gippsland MRC
100-102 Buckley Street
MORWELL VIC 3840
Tel: (03) 5133 7072

Northern Migrant Resource Centre
251 High Street
PRESTON VIC 3072
Tel: (03) 9484 7944

MRC North West Region
45 Main Road
ST ALBANS VIC 3021
Tel: (03) 9367 6044

Southern Ethnic Advisory Council Inc.
18 Chester Street
OAKLEIGH VIC 3166
Tel: (03) 9563 4130

South Australia

Migrant Resource Centre of SA
59 King William Street
ADELAIDE SA 5000
Tel: (08) 8217 9500

Queensland

Centacare Cairns
195 Abbott Street
CAIRNS QLD 4870
Tel: (07) 4051 9511

Multilink Community Services Inc.
38 Blackwood Road
WOODRIDGE QLD 4114
Tel: (07) 3808 4463

Multicultural Development Association Inc
Level 2, 57 Old Cleveland Road
STONES CORNER QLD 4120
Tel: (07) 3394 9300

Townsville-Thuringowa Migrant Resource Centre
467 Flinders Street
TOWNSVILLE QLD 4810
Tel: (07) 4772 4800

Itutuloy sa susunod na pahina ▶

© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2005

Western Australia

Metropolitan MRC
14 Chesterfield Road, Unit 1
MIRRABOOKA WA 6061
Tel: (08) 9345 5755

Tasmania

Migrant Resource Centre of Southern Tasmania
49 Molle Street
HOBART TAS 7000
Tel: (03) 6234 9411

Migrant Resource Centre of Northern Tasmania
95-99 Cameron Street
LAUNCESTON TAS 7250
Tel: (03) 6331 2300

Australian Capital Territory

Migrant Resource Centre of Canberra and Queanbeyan
Griffin Centre, 1st Floor
19 Bunda Street
CANBERRA CITY ACT 2601
Tel: (02) 6248 8577

Kung tatawag kayo mula sa labas ng Australya, idayal ng 61 at ang kodigo ng Estado na walang numero 0 at isunod ang numero ng tatawagan.

Ang pinakabagong detalye ng mga MRC/MSA ay makikita sa
www.immi.gov.au/grants/mrc_msa_b.htm

*Pinapatakbo kasama ng isang MRC/MSA

Home page	**www.immi.gov.au**
Mapagtatanungang telepono sa DIMIA	Telepono **131 881** (24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo). Itong numero ay magagamit lamang sa Australya. Kung nasa labas ng Australya, tawagan ang pinakamalapit na misyon o embahada ng Australya.

© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2005